Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy ng Uri ng Pang-uri

Isulat ang mga titik **PL** kung ang pang-uri na may salungguhit ay **pang-uring panlarawan**, **PM** kung ito ay **pang-uring pamilang**, at **PT** kung ito ay **pang-uring pantangi**.

_____ 1. Isa sa kanyang mga paboritong pagkain ang empanadang <u>Ilocos</u>.

_____ 2. Kailangan ko ng <u>kalahating</u> kilong manok para sa lulutuin ko na tinola.

_____ 3. Ito ang <u>unang</u> pagsusulit namin sa paaralan.

_____ 4. Isinabit niya sa imahen ang kuwintas ng <u>mabangong</u> sampaguita.

_____ 5. <u>Libu-libong</u> tao ang dumayo sa Lungsod ng Naga para sa Pista ng Peñafrancia.

_____ 6. May dugong <u>Tsino</u> ang mag-anak na Tan.

_____ 7. Hinaplos niya ang <u>malambot</u> na balahibo ng Lhasa Apso.

_____ 8. Maraming alam tungkol sa lutuing <u>Pilipino</u> ang tita ni Emily.

_____ 9. Kumain na tayo habang <u>mainit</u> pa ang pagkain.

_____ 10. Bukas ang <u>ikawalong</u> anibersaryo nina Benjamin at Becky.

_____ 11. Biyaheng <u>Cebu</u> ang malaking barko na iyon.

_____ 12. Tumulong kami sa paggawa ng <u>makulay</u> na saranggola.

_____ 13. Narinig mo ba ang <u>malakas</u> na tunog ng sirena ng ambulansya?

_____ 14. Malakas ang impluwensiya ng kulturang <u>Amerikano</u> sa kabataan natin.

_____ 15. Sila ay mga kasapi ng isang samahang <u>Kristiyano</u>.

© 2013 Pia Noche